

Screening mammography for women with a family history of breast cancer

Screening Mammography para sa mga Kababaihang may Kasaysayan sa Pamilya ng Kanser sa Suso



Ang BreastScreen WA ay isang libreng serbisyo ng screening mammography para sa mga kababaihan. Ito ay isang mahalagang pagsusuring pangkalusugan para sa mga kababaihang nasa edad na 50-69 anyos ngunit ang mga kababaihang mula sa edad na 40 anyos ay maaaring dumalo. Dapat masagot ng polyetong ito ang ilan sa iyong mga katanungan tungkol sa screening mammography kung ikaw ay may kamag-anak na nagkaroon ng kanser sa suso.

Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng kasaysayan sa pamilya ng kanser sa suso?

- May isa man lamang na miyembro ng iyong pamilya na nagkaroon ng kanser sa suso.
- Kapag maraming miyembro ng parehong pamilya ay nasuring may magkaparehong sakit, natural lamang na mag-alala kung ito ay isang namamanang dahilan.
- Ang mismong kanser sa suso ay hindi maaaring manahin, ngunit ang tinatawag na madepektong genes ng kanser sa suso ay maaaring manahin. Kung ang isang babae ay may tinatawag na madepektong gene siya ay mas nanganganib, ngunit hindi tiyak na magkakaroon ng kanser sa suso.
- Karamihan sa mga kanser sa suso ay nangyayari sa pamamagitan lamang ng pagkakataon at ito ay hindi sanhi ng namamanang mga dahilan. Ang kanser sa suso sa pamilya ay 1-5% lamang ng lahat ng mga kanser sa suso.

Mga katotohanang muling nakapagbibigay-tiwala sa mga kababaihang may kasaysayan sa pamilya ng kanser sa suso

Para sa maraming kababaihan, ang mapag-alamang sila ay may kasaysayan sa pamilya ng kanser sa suso ay isang dahilan upang mag-alala. Gayunpaman mahalagang tandaan na:

- Isa sa 9 kababaihan sa Australia ay magkakaroon ng kanser sa suso sa panahon ng kanilang buhay.
- Ang kanser sa suso ay isang karaniwang sakit na may malaking kaugnayan sa pagtanda. Ito ay nangyayari sa malaking porsiyento ng mga kababaihan sa pamamagitan ng pagkakataon at hindi bilang resulta ng kasaysayan sa pamilya.
- Ang pagkakaroon ng kanser sa suso ng ina o kapatid na babae ay hindi nangangahulugan na ikaw ay automatikong magkakaroon ng kanser sa suso.
- Ang pagkakaroon ng kanser sa suso ay hindi nangangahulugan na ikaw ay tiyak na nakamana ng tinatawag na madepektong gene, o maipapasa ito sa iyong mga anak.
- May halos 9 sa bawat 10 mga babae na nagkaroon ng kanser sa suso ay walang kasaysayan sa pamilya ng kanser sa suso.

Ang iyong kasaysayan sa pamilya ay nagiging mas mahalaga:

- Kapag may mahigit sa isang kamag-anak sa parehong panig ng iyong pamilya (panig ng ina o ama) ang nasuring may kanser sa suso.
- Kapag ang mga kamag-anak na iyon ay wala pa sa 50 anyos nang unang masuri.
- Kapag ang mga kamag-anak na iyon na may kanser sa suso ay mas malapit sa iyo (kapatid na babae kaysa pinsan).
- Kapag may kanser sa parehong suso, kanser sa suso ng lalaki, o kanser sa suso o obaryo sa pamilya.

For an appointment phone 13 20 50

Paano ako maapektuhan ng pagkakaroon ng kasaysayan sa pamilya ang pag-access ko sa BreastScreen WA?

Inirerekomenda ng BreastScreen WA ang regular na mga screening mammogram tuwing ikalawang taon para sa mga kababaihang nasa edad na 50-69 anyos, sa dahilang ipinakikita sa pananaliksik na pinakamalaki ang pakinabang ng screening mammography sa grupo ng edad na ito. Ang mga kababaihang nasa edad na 40-49 anyos at mahigit sa 70 anyos ay inaanyayahan ding dumalo para sa mammogram.

Ang BreastScreen WA ay nagkokolekta ng impormasyon ukol sa kasaysayan sa pamilya sa oras ng screening. Para sa maliit na bilang ng mga kababaihan, dahilan sa uri ng kanilang kasaysayan sa pamilya, sila ay maaaring kailanganing dumalo nang mas madalas para sa screening mammogram.

Kung ako ay may kasaysayan sa pamilya ng kanser sa suso, sa anong edad ako dapat magsimula ng screening, at gaano kadalas ako dapat magpa-screen?

Ang mga kababaihang mula sa edad na 40 anyos na may mahalagang kasaysayan sa pamilya ng kanser sa suso ay karapat-dapat na dumalo sa screening mammogram bawat taon kung sila ay may isa sa mga sumusunod:

- Isang pinakamalapit na kamag-anak (ina, kapatid na babae, anak na babae, ama, anak na lalaki, kapatid na lalaki) na nasuring may kanser sa suso bago sumapit ang edad na 50 anyos.
- Isang pinakamalapit na kamag-anak na may kanser sa parehong suso (nasuri sa anumang edad).
- Isa o mahigit pang pinakamalapit na mga kamag-anak na may kanser sa suso (nasuri sa anumang edad).

Ang mga kababaihang mayroong pinakamalapit na kamag-anak na naapektuhan ng kanser sa suso na nasa edad na lampas sa 50 anyos, ay HINDI mas nanganganib kaysa sa karaniwang babae sa komunidad. Ang mga kababaihang ito ay bibigyan ng screening mammogram tuwing ikalawang taon.

Ano pa ang dapat kong gawin?

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa kasaysayan sa iyong pamilya ng kanser sa suso, dapat mong talakayin ang iyong indibiduwal na kalagayan sa doktor ng iyong pamilya. Kung may anumang bagong mga kaso ng kanser sa suso na nasuri sa iyong pamilya mahalaga na ipaalam ito sa BreastScreen WA at sa iyong GP.

Tandaan, Maging Maalam tungkol sa Suso:

- Tingnan at damhin ang anumang mga pagbabago sa iyong mga suso na hindi normal para sa iyo.
- Makipagkita kaagad sa iyong GP kung ikaw ay nakapansin ng anumang mga pagbabago sa iyong suso.
- Hilingin sa iyong GP na suriin ang iyong mga suso bawat taon.

May anumang mga tanong?

Malugod na sasagutin ng mga tauhan ng BreastScreen WA ang anuman sa iyong mga katanungan. Mangyari lamang na tumawag sa (08) 9323 6700 o para sa mga kababaihang nasa kanayunan tumawag sa libreng teleponong 1800 800 033. Ang numero ng TTY ay 1800 241 708.

Maaaring gumawa ng appointment sa pamamagitan ng pagtawag sa 13 20 50 (para sa halaga ng lokal na tawag)

Kung kailangan mo ng libreng interpreter, mangyari lamang na tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS) sa 13 14 50 at hilingin na ikonekta ka sa aming booking service sa 13 20 50.



Department of
Health



A joint Australian, State and Territory Government Program

www.breastscreen.health.wa.gov.au

© BreastScreen WA, Department of Health

Telephone (08) 9323 6700 Facsimile (08) 9323 6799 TTY 1800 241 708 Bookings 13 20 50